# Ang Kahon ni Lola

Isinulat at inilarawan ni:
Ioannis Sicuya



Ang Librong Ito ay Pagmamay-ari Ni:

KARAPATANG-ARI ©2019
Inilathala't inilimbag ng
CANVAS - The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development

**Reserbado ang Lahat ng Karapatan**

Subalit, kahit sino'y maaaring gamitin, kopyahin, at ipamahagi ang mga nilalaman ng librong ito sa anumang anyo't uri o pamamaraan na HINDI PANG-KOMERSYAL O PANG-NEGOSYO ang layunin, sa kundisyong binibigyan ng nararapat at tamang pagkilala't atribusyon ang tagapaglathala nito, ang CANVAS.

Hindi maaaring ibahin ang mga nilalaman ng aklat na ito nang walang naunang nakasulat na pahintulot mula sa CANVAS.

Unang imprenta sa Filipino ng softcover 2019
Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

*Para sa lahat ng mga katanungan, ipadala sa:*
*No. 1 Upsilon Drive Extension, Alpha Village*
*Diliman, Quezon City, Philippines 1119,*
*o mag-email sa info@canvas.ph*

Aklat disenyo't paglalatag ni Kevin Candelaria
Mga salita't sining ni Ioannis Sicuya
Sa pamatnugot ni Annette A. Ferrer
Pagreretrato ni Ocs Alvarez

The National Library of the Philippines CIP Data

Sicuya, Ioannis.
Ang kahon ni lola / isinulat at inilarawan ni Ioannis Sicuya. -- Quezon City : CANVAS – The Center for art, New Ventures and Sustainable Development, [2019], c2019. 32 pages.

ISBN 978-971- 9689-17-1

1. Children's stories, Filipino. 2. Grandparent and child -- Juvenile fiction. I. Title.

899.21135253 PZ90.F55 P920190136




ISINULAT AT INILARAWAN NI
IOANNIS SICUYA

THIS BOOK IS DEDICATED TO
LOLA TING AND LOLA DINANG



Mahilig mangolekta ng iba’t ibang bagay si Lola Nil. Isa siyang duwende at nakatira siya sa isang malaking punso kasama ang kanyang apong si Non.

Maraming kwarto sa loob ng punso. Ngunit ngayong hindi na nakatira sa punso ang kanyang mga anak, ang mga kwarto ay naging lagayan na ng mga bagay sa kanyang koleksyon.

Pinahahalagahan ni Lola Nil ang bawat isang bagay sa kanyang koleksyon na nakukuha mula sa mga tinatapong gamit ng mga tao malapit sa kanilang punso. Ngunit ang kanyang pinakapaboritong bagay ay isang maliit na kahon na gawa sa yero. Lagi-lagi niya ito dala kahit saan siya magpunta.

Isang araw, napansin ni Non na malungkot ang Kanyang Lola Nil. “Lola, bakit po kayo malungkot?” tanong ng batang duwende. "Naku apo, nawawala ang aking kahon at sa dami ng gamit sa loob ng bahay hindi ko na siya makita.”

“Huwag po kayo mag-alala Lola, tutulungan ko po kayong hanapin ang inyong kahon.”

# 1

Nagsimula si Non sa paghahanap sa dating kwarto ng kanyang Nanay Ysa. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Isang maniking kulang ang braso,
Isang sapatos na wala ang kapares,
At isang lumang abacus.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.











# 2

Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tito Duwa. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Dalawang makintab na plato,
Dalawang lumang libro,
At dalawang maliit na orasa.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.





# 3



Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tita Telo. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Tatlong sapatos ng kabayo,
Tatlong latang iba't iba ang laki,
At tatlong sirang kalkyulator.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.











# 4

Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tito Pat. Sa loob nito ay may nakita si Non na:


Apat na sirang orasan,
Apat na tasang hindi nahugasan,
At apat na sandok na gawa sa kahoy.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.






# 5



Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tita Lima. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Limang iba't ibang klase ng panukat,
Limang sirang gripo,
At limang bola na magkakaiba ang laki.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.











# 6



Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tito Innem. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Anim na tiket ng lotto,
Anim na gunting na sira,
At anim na lumang antipara.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.





# 7




Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tita Pitora. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Pitong lumang tinidor,
Pitong lumang susi,
At pitong sobre ng mga liham.


Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.










# 8

Sumunod na pinuntahan ni Non ang dating kwarto ng kanyang Tito Walu. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Walong hawakan ng aparador,
Walong iba't ibang baraha,
At walong sirang suklay.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.








# 9

Sumunod na pinuntahan ni Non ang kwarto ng kanyang Tita Nona. Sa loob nito ay may nakita si Non na:

Siyam na boteng iba't iba ang hugis,
Siyam na brotsang pampintura,
At siyam na lumang tarheta ng bingo.

Ngunit hindi niya makita ang kahon ni Lola Nil.









Napaisip si Non. Saang bahagi kaya ng punso napunta ang kahon? At bigla niyang naalala ang isang kwarto na hindi pa niya napupuntahan.

Pumasok siya sa kwarto na dating silid-gawaan ng kanyang Lolo Nito. Dito dating lumalagi ang kanyang lolo at nagbubuo ng kung anu-anong gamit. Hinalughog ni Non ang buong kwarto at pagsilip niya sa ilalim ng mesa, nandoon ang kahon ni Lola Nil!





"Lola! Nahanap ko na po ang inyong kahon!"

"Ay! Maraming maraming salamat apo! Akala ko hindi ko na ito mahahanap!"

Natuwa si Non na hindi na malungkot ang kanyang Lola, ngunit napaisip siya sa kung bakit ganoon na lang kahalaga ang kahon ni Lola Nil.

Binuksan ni Lola Nil ang kahon, at nakita ni Non ang laman nito: Sampung pirasong kendi na magkakaiba ang kulay. "Kendi! Lola, bakit po mahalaga ang mga kendi na iyan para sa inyo?" tanong ni Non.

"Haha! Hindi apo, ang mahalaga ay ang mismong kahon. Pinaglagyan ko lang ito ng kendi," sagot ni Lola Nil. "Ito ang pinakaunang regalong natanggap ko galing sa iyong Lolo Infinito. Siya mismo ang may gawa nito kaya mahalaga ito sa akin. Halika apo, dahil sa nahanap mo ang aking kahon, sa iyo na ang mga kending laman nito."

"Salamat po Lola Nil" tugon ni Non habang ninanamnam ang kending galing sa kanyang lola.



# About The Artist

Nagtapos si Ioannis Sicuya ng Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas. Gumagamit siya ng iba't ibang materyales, lalo na ang epoxy at kahoy sa paggawa niya ng mga eskultural niyang mga piyesa. Sinasalamin ng kanyang mga obra ang kanyang interes sa *synthetic textures* na nagpapakita ng pagkasira at pagyabong. Magkakasamang namumuhay si Ioannis kasama ng kanyang asawang si Arvi at ng kanilang tatlong aso at labinglimang pusa.

Ito ang kanyang unang aklat.

# Ang Pamilya ni Non

1 **Ysa (Isa)**
Tagalog

2 **Duwa**
Cebuano, Ilonggo, Pangasinense

3 **Telo**
Maranao

4 **Pat**
Maranao

5 **Lima**
Tagalog, Cebuano, Ilokano, Bikolano

6 **Innem**
Ilokano

7 **Pitora**
Pangasinense


8 **Walu**
Hiligaynon

9 **Nona**
Latin prefix


0 **Nil**
Zero

∞ **Infinito (InfiNITO)**
Walang hanggan / *Infinity*


# IBA PANG MGA LIBRO NG CANVAS





**ELIAS AND HIS TREES**
*Hango mula sa* "The Man Who Planted Trees" *ni* Jean Giono
*Sinulat by* Augie Rivera
*Dibuho ni* Romeo Forbes




**THE ROCKING HORSE**
*Kuwento ni* Becky Bravo
*Dibuho ni* Elmer Borlongan





**SOL: A LEGEND ABOUT THE SUN**
*Kuwento ni* Agay Llanera
*Dibuho ni* Farley del Rosario





**ANG BATANG MARAMING BAWAL**
*Kuwento ni* Fernando Rosal Gonzalez
*Dibuho ni* Rodel Tapaya





**SI LUPITO AT ANG BARRIO SIRKERO**
*Kuwento ni* Rowald Almazar
*Dibuho ni* José John Santos III





**ANG DYIP NI MANG TOMAS**
*Kuwento ni* Genaro R. Gojo Cruz
*Dibuho ni* Anthony Palomo





**EARTH TALES: 3 ECO-FABLES FOR CHILDREN**
"The King and the Royal Trees," *ni* Paul Aird, *at dibuho ni* Ivee Olivares-Mellor
"The Hummingbird," *dibuho ni* Plet Bolipata
"The Star Thrower," *dibuho ni* Liza Flores





**THE BOY WHO TOUCHED HEAVEN**
*Kuwento ni* Iris Gem Li
*Dibuho ni* Sergio Bumatay III





**MESSAGE IN THE SAND**
*Kuwento ni* Charmaine Aserappa
*Dibuho ni* Roel Obemio





**TAHAN NA, TAHANAN**
*Kuwento ni* Maria Isabel Alarilla-Arellano
*Dibuho ni* Don M. Salubayba




**DOLL EYES**
*Kuwento ni* Eline Santos
*Dibuho ni* Joy Mallari





**RIZALPABETO**
*Mga Tula ni* Vim Nadera
*Dibuho ni* Elmer Borlongan





**THE CAT & THE BAT AND OTHER FABLES**
*Sinulat ni* Rhandee Garlitos
*Dibuho ni* Elmer Borlongan




**NADIA AND THE BLUE STARS**
*Kuwento ni* Francesca Nicole Chan Torres
*Dibuho ni* Liv Romualdez Vinluan





**A FISH TALE**
*Kuwento ni* Becky Bravo
*Dibuho ni* Daniel dela Cruz





**THE TRIANGLE MAN AND THE FLIGHTLESS DIWATA**
*Kuwento ni* Kate Osias
*Dibuho ni* Dex Fernandez





**HERE BE DRAGONS**
*Kuwento ni* Victor Fernando R. Ocampo
*Dibuho ni* Jon Jaylo




**MY BIG SISTER CAN SEE DRAGONS**
*Kuwento ni* Rocky Sanchez Tirona
*Dibuho ni* Liza Flores





**INANG KALIKASAN'S BAD HAIR DAY**
*Kuwento ni* Recle Etino Vibal
*Dibuho ni* John Paul Antido




**BENCAB'S ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN**
*Mga gawain sinulat ni* Karen Joy Desamparado-Foronda
*Dibuho ni* Benedicto Cabrera




**PANYÁAN: THREE TALES OF THE TAGBANUA**
*Kuwento ni* Rhandee Garlitos *at* Annette Ferrer
*Dibuho ni* Sergio Bumatay III





**THE WEIGHT OF WORDS: AN ALPHABET OF HUMAN RIGHTS**
*Sa pamatnugot ng* CANVAS
*Mga likhang sining nila* Electrolychee, Dan Matutina, Gerilya, John Ed De Vera, Jom Masolabe, June Digan, Keith Dador, Kevin Roque, Lala Gallardo, Meneer Marcelo, Palma Tayona, Wesley Valenzuela





**KARAPAT DAPAT**
*Sinulat ni* May Tobias-Papa
*Dibuho ng* I.N.K.




**LOOKING FOR JUAN: A CANVAS ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN**
*Sinulat ni* Annette A. Ferrer at Gigo Alampay
*Dibuho ni* John Paul Antido





**ANG AKLATANG PUSA**
*Kuwento ni* Eugene Y. Evasco
*Dibuho ni* Jared C. Yokte





**IPAPASYAL NAMIN SI LOLO**
*Kuwento ni* Renato R. Gojo Cruz
*Dibuho ni* Arvi Fetalvero





**RENATO BARJA'S CHILDREN'S STORIES**
*Sinulat ni* Daniel Palma *at* Gigo Alampay
*Dibuho ni by* Renato Barja





**MAMITA'S GARDEN: AN ACTIVITY BOOK**
*Sinulat ni* Nicolas Gabriel Garcia
*Dibuho ni* Pam Yan-Santos





**SI PONYANG AT ANG LIHIM NG KUWEBA**
*Kuwento ni* Melvin John B. Atole
*Dibuho ni* Sarah M. Geneblazo




**ANG ANGHEL NG SANTA ANA**
*Kuwento ni* Josephine De Dios
*Dibuho ni* Johanna Helmuth




**SILENT WITNESSES**
*Sinulat ni* Gigo Alampay
*Dibuho ni* Renz Baluyot




**WHY WORDS MATTER**
*Sinulat ni* Jose Y. Dalisay Jr.
*Dibuho ni* Marcel Antonio

CANVAS' **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign**
aims to inspire in children a love for reading
by donating its award-winning books to public schools, hospitals,
and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child*
*who will learn independently, envision a brighter future,*
*and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!
For more information, visit www.canvas.ph,
email **info@canvas.ph**, or find us on Facebook:
**Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

CANVAS, *a non-profit organization,*
*works with the creative community to promote children's literacy,*
*explore national identity, and broaden public awareness*
*of Philippine art, culture, and the environment.*

Nakatira sa punso si Lola Nil at mahilig siyang mangolekta ng iba't ibang bagay. Bawat kwarto ng kanyang punso ay puno ng sari-sari niyang mga koleksyon. Kaya lang, hindi niya mahanap ang pinakapaborito niyang bagay... Isang maliit na puting kahong gawa sa yero. Nasaan na kaya ito?


**CANVAS Stories.**
**Real Life Told Beautifully.**

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.

For more information, please visit **www.canvas.ph** or follow us at **www.facebook.com/canvas.ph**.

www.canvas.ph
creative possibilities. open conversations. meaningful change.



ISBN 978-971-9689-08-9
9 789719 689089